

May reklamo ba kayo tungkol sa karanasan sa healthcare?


Alam namin kung gaano kahirap ang pakiramdam na hindi mapakinggan o maunawaan. Kung nasabi niyo na ang reklamo niyo sa organisasyon ng sektor ng kalusugan at hindi pa rin masaya sa kinalabasan o kung paano ito pinangasiwaan, baka makatulong kami.

Ano ang maaasahan niyo mula sa amin

Bilang kampeon sa pagiging patas, pinagagaan namin ang mga resolusyon at sinisiyasat ang mga reklamo tungkol sa pangangalaga sa pasyente at mga karanasan sa healthcare at gumagawa ng mga rekomendasyon upang paghusayin ang mga karanasan para sa lahat ng taga-Ontario.



Sino ang sinusubaybayan namin



Mga Pampublikong ospital



Mga tahanan ng pangmatagalang pangangalaga



Tahanan at Pangangalaga sa Komunidad

May ilan sa mga reklamong hindi namin maaaring tingnan, halimbawa:



Tungkol sa tahanan ng mga retirado



Tungkol sa pinamahalaang propesyonal na healthcare (hal., doktor, rehistradong nars)



Ang taong inihahabla sa hukuman

Anong mga detalye ang isasama sa inyong reklamo:

- Anong nangyari?
- Kailan at saan ito nangyari?
- Sino ang sangkot?
- Ano ang nadamang hindi patas?
- Ano ang mga bagay na itinama?
- May pahintulot ba kayo?


Bawat karanasan ay mahalaga

Ang pagsasabi ng reklamo ninyo ay mahalaga dahil nakatutulong ito upang tukuyin ang mas malalaking isyu at maiwasan ng iba ang dumanas sa katulad na mga karanasan. Nagdudulot ito ng mas mahusay na pangangalaga para sa lahat.

Paano magreklamo

- 1 Una, tiyaking nagpunta kayo sa tamang lugar**
Maaari naming tingnan ang reklamo na nagawa na ng organisasyon ng sektor ng kalusugan.
- 2 Ibigay niyo ang reklamo sa pamamagitan ng liham**
Kailangan din namin ang inyong pahintulot para magpatuloy.
- 3 Nirerepaso namin ang reklamo ninyo**
Kung hindi kami makakatulong, kung maaari, isasangguni namin kayo sa isang taong may kakayahan.
- 4 Nakikinig kami sa lahat ng panig at sinusubukang lutasin ang reklamo ninyo**
Kukunin namin ang kinakailangang impormasyon at susubukang pagaanin ang resolusyon.
- 5 Maaaring kailanganin namin magsagawa ng pormal na imbestigasyon**
Ipapaalam namin sa lahat ng sangkot kung kinakailangan ang imbestigasyon.
- 6 Ibinabahagi namin ang aming pasya**
Ang resolusyon ay maraming anyo, mula sa paghingi ng paumanhin o pagbabago ng patakaran hanggang sa rekomendasyon para sa pagbabago.

Makipag-ugnay sa amin

 **Telepono (Lunes hanggang Biyernes, 9 n.u. – 4 n.h.)**
TF (Canada at U.S.A.) 1.888.321.0339
T 416.597.0339 TTY 416.597.5371



Online
PatientOmbudsman.ca



Fax
416.597.5372



Mga serbisyo ng pagsasalin sa wikang Tagalog.